Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Nor
No:
Date: JUL 09 2021 By:
RELEASED

Memorandum Pansangay
Blg. 353 serye 2021

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Elementarya at Sekundarya
Mga Tagapag-ugnay sa Filipino

Mula kay: **MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Pansangay Na Patimpalak *Online* Para Sa Buwan Ng Wika 2021**

Petsa: Hulyo 9, 2021

---

1. Alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s.1997 at bilang pakikiisa sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na mangunguna sa pagdiriwang ng Buwan Ng Wikang Pambansa, ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsasagawa ng "**Pansangay Na Patimpalak Sa Buwan Ng Wika 2021**" sa Agosto 26-27,2021 na piling-pili lamang ang mga kategorya gamit ang *Google Meet*.

2. Ang mga layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s.1997;
   b. patuloy na malilinang ang kakayahan sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wikang Pambansa sa pamamagitan ng pakikilahok sa gawaing kaugnay sa wika.

3. Magkataon na hindi pa bukas ang klase nang isasagawa ang paligsahan, kaya inaasahan ang mga Tagasanay na makapagpili ng kanilang mga kalahok bago pa magsara ang klase dahil ang mga kalahok para sa bawat kategorya ay iyon ang Baitang na kinabibilangan nila sa Panuruang-Taon 2020-2021.

4. Sa unang araw (Agosto 26) ng paligsahan ay matutunghayan *online* ang piling tatlong kategorya mula ikapito't kalahati hanggang ikalabing-isa ng umaga.
   a) Tula –isang kalahok mula ng Baitang 4
   b) Deklamasyon – isang kalahok at bukas para sa Baitang 5 at 6
   c) Masining Na Pagkukuwento – isang kalahok ng Baitang 7

5. Isasagawa naman sa panglawang araw ang paligsahan *online* ang tatlo pang kategorya ng paligsahan sa ganoong oras pa rin.
   d) Talumpati – isang kalahok ng Baitang 10
   e) OPM –*minus one* –isang kalahok at bukas para sa Baitang 7 hanggang 10
   f) *Spoken Poetry* –isang kalahok at bukas para sa Baitang 11 at 12

6. Katulad din noon na ang mga paligsahan sa Buwan ng Wika ay magsimula sa pampaaralan, pandistrito, hanggang pang-*cluster* na Gawain subalit *online* lamang.

7. Ang panalo ng **unang puwesto** mula sa limang *cluster* ay napapangkat ayon sa kategorya at gamit ang *link*:
   a. Agosto 26, 2021 https://meet.google.com/mgw-xhys-idk
   b. Agosto 27, 2021 https://meet.google.com/awb-auha-zqp

8. Susundin ng bawat distrito at ng mga *cluster* ang mga itinakdang petsa:
   1. Pandistritong Patimpalak *online* – Agosto 13, 2021
   2. Pang-*cluster* na Patimpalak *online* - Agosto 20, 2021

9. Ang mga Tagamasid Pampurok ng bawat *cluster* ay malayang magpaplano at mamamahala sa pagsasagawa ng Pang-*cluster* na Patimpalak.

10. Inaasahan ang mga panauhing pandangal, komite, mga inampalan, at mga tagasanay na makasuot ng maka-Pilipinong kasuotan sa araw ng patimpalak samantalang ang mga kalahok ay malayang pumili ng angkop na kasuotan ayon sa kategorya ng paligsahan.

11. Higit na pinaalalahanan ang mga tagasanay na isasagawa rin ang mga oras ng pagsasanay *online* para sa pagpapayaman ng kakayahan ng mga kalahok upang mapangalagaan ang kalusugan at nang mapairal din ang mga alituntunin ng IATF.

12. Ang kriterya ng bawat kategorya at mga pamantayan ng patimpalak ay kalakip ng Memorandum na ito.

13. Ang gastusin sa *internet* (e-*load*) ng mga Tagasanay ay kukunin mula sa School MOOE na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

14. Para sa mga karagdagang impormasyon at mga katanungan ay maaaring makipag-ugnayan kay Dr. Anita D. Subebe sa cp# 09171146311 o sa email address anita.subebe001@deped.gov.ph

15. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. ______ serye 2021
Pansangay Na Patimpalak *Online* Para Sa Buwan Ng Wika 2021

**Mga kategorya At Mga Pamantayan Sa Patimpalak**

1. **Tula** – isang kalahok mula sa Baitang 4
   * Ang tula ay may anim na saknong
   * Ang tema ng tula ay maaaring tungkol sa wika, pamilya, kalikasan, Karunungan at mga karanasan sa buhay
   a. Piyesa ng Tula ---------------------- 10%
   b. Pagkakasaulo ------------------------ 30%
   c. Dating sa Madla --------------------- 10%
   d. Bigkas at Tinig --------------------- 25%
   e. Kumpas at Ekspresyon ng mukha ----------- 25%
2. **Deklamasyon** – isang kalahok at bukas para sa Baitang 5 at 6
   * 3-5 minuto
   * May bawas ng 1 punto bawat isang minuto na lampas sa oras
   a. Pagsasalita ------------------------------ 40%
      - Uri ng tinig ----------------- 10%
      - Pagbibigkas ----------------- 15%
      - Balarila ------------------- 15%
   b. Personalidad at kakayahan ----------------- 60%
3. **Masining Na Pagkukuwento**- isang kalahok ng Baitang 7
   * 5-7 minuto
   * May bawas ng 1 punto bawat isang minuto na lampas sa oras
   a. Pagpili ng kuwento --------------------- 10%
   b. Pagsasalita ------------------------- 20%
   c. Pagbibigay-kahulugan o interpretasyon ------ -40%
   d. Personalidad/Kakayahan sa pagkukuwento ----- 30%
4. **Talumpati** – isang kalahok ng Baitang 10
   * 5-7 minuto
   * May bawas ng 1 punto bawat isang minuto na lampas sa oras
   a. Nilalaman/kaugnayan sa paksa ------------- 35%
   b. Pagbigkas (diin,tono) ------------------ 30%
   c. Kumpas/ kilos/ istilo -------------------- 35%
5. **Paligsahan sa Pag-awit – OPM –*minus one***
   * isang kalahok at bukas mula Baitang 7 hanggang Baitang 10
   a. *Tonal/ voice quality* ------------------- 35%
   b. *Diction* ----------------------------- 15%
   c. *Timing* ------------------------------ 30%
   d. *Choice of song* -----------------------15%
   e. *Costume* ----------------------------- 5%
6. ***Spoken Poetry*** –isang kalahok at bukas para sa Baitang 11 at Baitang 12
   a. Piyesa ng Tula ---------------------- 10%
   b. Pagkakasaulo ------------------------ 30%
   c. Bigkas at Tinig --------------------- 25%
   d. Kumpas at Ekspresyon ng mukha ----------- 35%